

Alamat ng mga Barangay sa Pilar: Ambag sa Panitikan

Marqueses, Ella Mae 

Sorsogon State University, Philippines (ellamae.marqueses@deped.gov.ph)

Jolo, Richelda

Sorsogon State University, Philippines (jolo.richelda@sorsu.edu.ph)

Received: 10 May 2025
Available Online: 3 June 2025

Revised: 25 May 2025
DOI: 10.5861/ijrse.2025.25146

Accepted: 1 June 2025

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study aimed to identify the origin stories of the names of each barangay in the town of Pilar. A qualitative-descriptive design was used in the study. Purposive random sampling was used by the researcher in selecting participants from the barangay, which has a total of 147, from five (5) types of generations or age groups, where the researcher conducted interviews with those who have knowledge about their barangay's story. The collected data was carefully analyzed and interpreted. Based on the thorough analysis of the researcher, the rich history of naming the barangays in Pilar can be traced back to their origin stories, where respect is shown to saints, names of people, connections to nature, location, livelihood, animals, objects, and even the remnants of their past during the colonial period. The resulting output can be applied to lesson plans that teachers can use as a foundation for teaching. It is also a local reading material that will introduce and highlight a treasure of the town of Pilar, which helps strengthen education and tourism focused on the identity of the origin stories of the barangays in Pilar. It is recommended that the local government provide support and strengthen writers by allocating funds and implementing cultural programs. The stories created will serve as an important reference to express and disseminate the tales of each barangay and become useful teaching materials or platforms for instruction within the classroom.

Keywords: legend, lesson plan, history, story, reading material

Alamat ng mga Barangay sa Pilar: Ambag sa Panitikan

1. Abstrak

Natiyak sa pag-aaral na ito na matukoy ang pinagmulang kuwento ng pangalan ng bawat barangay sa bayan ng Pilar. Kuwalitatib-deskriptib na disenyo ang ginamit sa pag-aaral. Purposive random sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng kalahok mula sa barangay na may kabuoang 147, mula sa limang uri (5) ng henerasyon o pangkatang edad (age group) na nagsagawa ang mananaliksik ng pakikipanayam o interbyu na meron alam tungkol sa kanilang kuwento ng barangay. Ang nakalap na datos ay maingat na sinuri at binigyang interpretasyon. Batay sa masusing pagsusuri ng mananaliksik, ang mayamang kasaysayan ng pagpapangalan ng mga barangay sa Pilar ay mababakas sa kanilang mga kuwentong pinagmulan, kung saan makikita ang pagbibigay-galang sa mga santo o santa, pangalan ng tao, kaugnayan sa kalikasan, lokasyon, hanapbuhay, hayop, bagay, at maging ang mga bakas ng kanilang nakaraan noong panahon ng pananakop. Ang nabuong awtput ay maaaring ilapat sa banghay aralin na magagamit ng mga guro bilang lunsaran sa pagtuturo. Isa ring babasahing lokal na magpapakilala at magbibigay-halaga sa isang yaman ng bayan ng Pilar na tumutulong sa pagpapalakas ng edukasyon at turismo na nakatuon pagkakakilanlan sa mga pinagmulang kuwento ng mga barangay sa Pilar. Inirerekomenda na ang lokal na pamahalaan ay magbigay ng suporta at magpapalakas sa mga manunulat sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo at pagsasagawa ng mga programang pangkultura. Ang nabuong mga kuwento ay magsisilbing mahalagang sanggunian upang maipahayag at maipalaganap ang mga kwento ng bawat barangay at maging kapaki-pakinabang na kagamitang pampagtuturo o lunsaran sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan.

Susing salita: alamat, banghay aralin, kasaysayan, kuwento, babasahin

2. Panitikan

Ang panitikan ay pangunahing salamin ng kultura ng isang sambayanan. Dito nailalarawan ang kanyang kahapon, ngayon, at bukas. Sinasabing kung nais mong malaman ang kasaysayan ng isang bansa, basahin mo lamang ang panitikan ng bansang ito at ibabalik ka sa nakaraan at kung nais mo namang malaman ang nilalaman ng kanilang panitikan taluntunin mo lamang ang kasaysayan ng nasabing bansa at tiyak na pinapaksa nito ang kanyang panitikan na nahihiyasan ng puso't damdamin ng kumatha nito. Mahirap maihiwalay ang isa sa isa. Parehong naghihiram ang mga ito ng mga kaisipang nagbibigay linaw sa takbo ng mga pangyayaring isinisiwalat ng mga pangyayari sa lipunan.

Ang salitang panitikan ay binigyan ng iba't ibang pagpapakahulugan at interpretasyon ng mga dalubhasang Pilipino at manunulat sa Pilipinas. Sinabi ni Panganiban (2005) na ayon sa aklat na "Pilosophiya ng literature" ni Honorio Azarias, binanggit niya ang panitikan ay nagpapahayag ng mga damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa lipunan at pamahalaan, at sa kaugnayang kaluluwa sa Bathalang lumikha. Sa Panitikang Filipino ni Sauco (1977), nabanggit na ang panitikan ay nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdamin, tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak, at pangamba.

Ang panitikan naman ayon kay Salazar (1995) ay isang lakas na nagpapagalaw sa lipunan. Isa itong kasangkapang makapangyarihan na maaaring magpalaya sa isang ideyang nagpupumiglas upang makawala. Nangangahulugan ang panitikan ay isang malaking puwersang may kakayahang magpabago sa tao at lipunan. Mula sa kaisipan nina Pineda at Ongoco (1972) ang panitikan ay kapatid na babae ng kasaysayan, na tumutukoy na ang kasaysayan ay nagtataglay ng mga ulat ukol sa mga naganap sa isang lahi at mga kaisipang dakila at marangal ng lahing ito. Sa pamamagitan ng mga ito, ang mga akdang pampanitikan na naitala ay sumasalamain sa

mga nakaraan tulad ng mga maikling kwento, kwentong bayan, nobela, epiko, alamat ay nagpapakita ng sulyap sa buhay ng mga tao sa nakaraan.

Ang bawat bansa ay may kanya-kanyang panitikang ipinagmamalaki na nagsilbing daan para mas makilala at maintindihan ang kanilang kultura at pamumuhay. Alam nating lahat, ang Africa ay isa sa pinakamalaking kontinente sa mundo. Dito natagpuan ang mga sinaunang tao at ang iilan na impormasyon rito. Ang mga akda sa bansang ito ay nagdala ng kakaiba at pagbabago sa mundo ng panitikan. Dala ng mga mahuhusay at malikhaing manunulat ng Africa ay nakilala at naintindihan ang kanilang paniniwala. Sa China, malaking bagay sa kanila ang kanilang panitikan dahil ang kanilang tradisyon at kultura ay hinahangaan hindi lamang ng mga Tsino kundi pati ng buong mundo mula noon hanggang ngayon. (Dan et al., 2010). Sa pamamagitan ng kanilang mga akdang pampanitikan, naging tulay ito upang maipagpatuloy ang kanilang mga tradisyon at kultura hanggang sa kasalukuyang panahon. Malaki pa rin ang impluwensya ng makalumang panitikan ng mga Hapon sa modernong panitikan nila ngayon (Starrs, 2002). Ang kanilang mga makalumang kaugalian, kultura, at tradisyon ay patuloy na makikita sa kanilang pamumuhay kahit na maraming dekada na ang nakalipas. Ang panitikan ay naging isang mahalagang kasangkapan upang mapreserba ang kanilang kulturang minana at mapalalim ang kanilang pagkamakabayan.

Sa Pilipinas, maraming panitikan ang hindi pa nabibigyang- atensiyon at hindi pa napag-aaralan kung kaya't dahil rito kaya nawawalan na ng saysay ang kahalagahan ng kultura sa isang lugar at unti-unting nawawalan ang ilang Pilipino ng malay sa ugat ng kasaysayan. Kung kaya sa pagsilip nito, ang mga tao ay mahihikayat na buhayin at muling pagyamanin pa ang mga panitikan bilang isang indibidwal na kabilang sa lipunang ginagalawan. Ayon kay Pineda (2006), kung mahalaga ang pag-aaral ng panitikan ng ibang bansa, higit na mahalagang mabatid ang panitikan ng sariling bansa at rehiyon. Ang probinsya ng Sorsogon, sa Rehiyong Bikol ng Pilipinas ay sagana sa samu't saring mga akdang sumasalamain sa mukha ng rehiyon. Mababakas sa mga ito ang mga kultura, tradisyon, paraan ng pamumuhay, pag-uugali at nilalaman ng kanilang mga guniguni at saloobin. Sa katunayan dito sa rehiyong bikol pa lang masasabi nang bahagi ito ng kayamanang ipinagmamalaki ng isang bansa, sapagkat ayon kay Ramos (2014) ang Rehiyong Bikol ay lubhang mayaman sa iba't ibang uri ng akdang lokal, nababasa ang mga ito sa anyong dula, rawit-dawit mga awiting bikol at iba pang anyo ng panitikan.

Naging pokus ng pag-aaral ni Rubio (2018) ang mga akdang pampanitikan sa bayan ng Donsol, Sorsogon. Ayon sa kanya maraming akdang pampanitikan sa bayan ng Donsol kinabibilangan ng alamat, kasaysayan, tigsik, tula at awitin. Batay naman sa pag-aaral ni Lasala (2018) bawat bayan sa lalawigan ng Sorsogon ay may kakaibang kasaysayang pangkultura. Ang kultura at kaugalian ng mga taga-Sorsogon ay makikita sa mga materyal na pamanang ito. sa pag-aaral ni Villaroya (2018) marami ang mga akdang panitikan sa Gubat kabilang dito ang rawit-dawit, epiko, tula, alamat, maikling kuwento, sanaysay, komiks, nobela, tigsik, at korido na di nailathala. Sa pag-aaral ni Gajo (2018) nalaman na ang bawat barangay sa Irosin ay hango sa ngalan ng tao, santo/santa, pangyayari at bagay. Sa pagtuklas sa mga kuwento ng pinagmulan ay nabigyang kamalayan ang mga tao ukol sa pinagmulan sa sariling lugar, at pagkakaroon ng interes na alamin ang kuwento ng sariling lugar. Batay sa pag-aaral ni Forte (2022) natuklasan na ang bawat barangay sa bayan ng Barcelona ay may makulay na kuwentong pinagmulan. May nagmula sa alamat, pangalan ng santo/santa, tao, puno, o halaman, hayop, lokasyon ng lugar, nabuo dahil sa isang resolusyon, at ang iba ay mula sa mungkahi ng dayuhan.

Ayon naman kina Espinocilla at Marbella (2022), ang bawat barangay sa bayan ng Gubat ay may ipinagmamalaki at natatanging pagkakakilanlan. Iba-iba Ang ilan sa pinagkunan ng pangalan ng lugar ay puno at halaman, pangalan ng gusali, kuweba, at kapistahan ng mga santo at santa, mga produktong gawang-kamay gaya ng nito, banig, bakay, at marami pang iba. Ayon naman sa pag-aaral nina Cerillo at Mariano (2024), napag-alaman na may mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ang mga barangay sa Bacon. Ang mga kuwentong ito ay hango sa pangalan ng santo/santa, halaman o punongkahoy, sa pag-uugali, gawi at pamumuhay, sa tanawin, sa pangyayari, pangalan ng hayop, lokasyon at pangalan ng tao. Ayon naman sa pag-aaral nina Diaz at Marbella (2024), natuklasan na ang bawat barangay sa bayan ng Juban, Sorsogon ay mayroong mga

kahanga-hangang kuwentong pinagmulan. Iba't ibang paksa ang kuwentong pinagmulan ng mga pangalan ng bawat barangay sa Juban, Sorsogon.

Integrasyon ng Sariling Panitikan sa Banghay Aralin - Mahalagang makilala ng buong mundo ang isang panitikan na magbibigay-daan upang magkaroon ng pagkakaunawaan ang bawat isa. Ang pag-aaral sa pinagmulan ng bawat barangay sa isang lugar ay kasalaminan ng mayamang kultura. Ang panitikan ang nagsisilbing pundasyon sa pagkakakilanlan ng isang bayan (Aler, 2020). Likas sa mga tao ang pagsasaliksik at pagbibigay paliwanag sa mga bagay- bagay na nakikita sa kapaligiran. Ang isipan ay mas pinapatalas at ang puso ay pina-iibig ng mga panitikan. Ito ay bahagi ng buhay na hindi maaaring iwaglit. Inilunsad ang “Cultural Mapping Orientation” noong ika-17 ng Enero, 2020 na pinangunahan ng dating gobernador, Francis “Chiz” Escudero na may nais mapreserba, mapangalagaan, at itaguyod ang mga pambansang pamana sang-ayon sa Batas Republika 10066 o ang “Cultural Heritage Act of 2009 18”. Sa pamamagitan nito inaasahang gagawing angkop at kapaki-pakinabang ang kulturang mayroon ang isang lugar upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kung saan sila nabibilang.

Sa paggawa ng banghay aralin isa sa mga mahalagang instrumento upang maging epektibo ay nangangailangan ng maingat na pagpapalano upang matiyak ang daloy na pagtuturo ng guro. Sa bansang India, taong 2012, ipinalabas ng Ministro ng Edukasyon ng Indonesia ang pinakabagong kurikulum na tinatawag na 2013 curriculum. Ito ang pagbabago ng kurikulum na siyang ilalapat sa lahat ng antas ng edukasyon mula sa elementarya hanggang sekondarya (Habiburrahim, 2019). Gayunpaman natuklasan sa isang pananaliksik na ang mga guro sa Indonesia ay nagpapabaya at basta-basta na lamang sa pagsulat ng kanilang banghay aralin (Ojukwu, 2021). Nakasaad sa DepEd Order (DO) no. 42, s. 201621, na may kalayaan ang mga guro na magplano, bumuo, at gumamit ng iba't ibang paraan at materyales sa pagtuturo para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pagbuo ng isang banghay aralin ay isa sa mga mahahalagang hakbang na kinakailangan gawin ng bawat guro at mga mag-aaral na nagsasanay upang maging isang guro sa hinaharap (Sofiyah, 2021). Kung ang banghay aralin ay mahusay na isinulat at ibinuo ay tiyak na mahusay rin ang magiging kalalabasan (Nida, 2019). Ang isang guro na may kahandaan sa pagsulat ng banghay aralin ay maaaring maging matagumpay sa aktuwal na pagtuturo (Sudhakar, 2017).

Ang pagtuturo ay isang kumplikadong gawain upang mapukaw at mapaunlad ang pangkabatiran o cognitive, pandamdamin o affective, at saykomotor o psychomotor (Sadam et.al.,2021). Ang lahat ng isasagawang mga gawain ay ibabatay sa mga layunin na nakasaad kaya maaaring magpagsya ang guro kung alin sa mga pagsasanay ang palalawigin, babaguhin, o tatanggalin at idadagdag (Marino, 2021). Nang maipatupad ang CHED Memorandum Blg.59, s.199627 na may layuning maituro ang panitikan ayon sa rehiyong kinabibilangan mas nahimok pa na manulat ang mga manunulat na bikolano bilang bunga ng kanilang pagtanggap sa hamong ito. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong magbigay ng kontribusyon sa pagpapayaman ng lokal na panitikan sa pamamagitan ng mga nakalap na datos at naibahagi ng mga impormante na makakatulong sa pag-aaral.

Ang mga nabanggit na literatura ay may mahalagang kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral na binibigyang diin kung paano gamitin at bumuo ng banghay aralin batay sa kasanayan ng bawat guro na magkaroon ng maingat na pagpapalano para sa magandang daloy ng aralin. Magkaiba lamang ito sapagkat ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon na maipalawanag ang integrasyon ng mga nakalap at nasuri na kuwento sa pagbuo ng banghay aralin, ngunit ang mga nabanggit na literatura sa paggawa ng banghay aralin ay nakatuon sa bansang India at Indonesia na may masusing pagsisiyasat sa pagbuo ng banghay aralin. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maaaring makapagbigay ng kabuluhan at magandang dulot sa mga kaguruan bilang kagamitang pampagtuturo sa panitikan, mag-aaral para mas maintindihan nila ang kanilang kasaysayan at pinagmulan, at sa kagawaran ng edukasyon sa pagpapatupad ng panibagong umiiral na kurikulum maaring maging basehan ang resulta upang mas mapalawak ang pagkokonteksto at pagsasalokal para sa pagaangkop ng babasahin.

Pinagmulan ng Alamat - Ang alamat ay isa sa mga mahahalagang mukha ng panitikan sapagkat ito ang bumubuo ng pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ito ay hindi dapat nating kalimutan dahil ito ay siyang

pinakamahalagang alaala sa lahing bago lumaya ay dumanas muna ng maraming kaapihan. Ito ang nagsasalaysay ng malungkot na alaala ng isang pook, ang gunitain ng isang bagay na nakapagpapadaloy ng luha at nakapagbibinhi ng dusa sa puso o kaya'y ang kadakilaan ng isang alamat upang maipabatid ang malungkot o maligayang kahapon ng kanilang lipi (Du, 2014). Ayon nga kina Gonzales et al., (1976), bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, mayroon nang iba't ibang kwentong-bayan sa ating bansa. Binubuo ito ng mga alamat, pabula, salaysayin, epiko. Sa lahat ng nabanggit, isa ang alamat sa mga pinakakilalang kwento, nagsasaad ito ng mga pinagmulan ng tao, bagay o lunan. Inilalahad sa alamat kung paano nagkaroon ng mga bagay-bagay sa ating kapaligiran.

Ang mga alamat na nagpapaliwanag ng pinagmulan ng lahat ng uri ng bagay tulad ng mga heograpikal na katangian gaya ng bulkan, lawa at ilog ay tinatawag na mga alamat na etiolohikal o mapagpaliwanag (Eugenio, 2007, p. xxvi). Ang mga mito, alamat, at kuwentong ipinasa sa bawat henerasyon ay patuloy na nakakaimpluwensya sa mga paniniwala at pagpapahalaga ng komunidad (Pineda, 2024). Sinasabi naman sa pag-aaral ni Lopera (2018) makikita na ang mga bayan sa Sorsogon ay may mga alamat na natatangi na nagpapakita ng kani-kanilang pinagmulan, kasaysayan at kultura na maaaring maging karagdagang teksto sa pagtuturo ng Filipino. Mahalaga ang mga nabanggit na pag-aaral at literatura sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat nagbibigay-diin sa kahalagahan ng panitikan, partikular na ang alamat, bilang mahalagang bahagi ng kasaysayan tulad sa bayan ng Pilar ang bawat barangay ay may kanya kanyang pinagmulan, lalo na sa pagpapahayag ng mga karanasan, pag-alala at pagkakakilanlan ng mga tao. Binibigyang-diin nila na sa pamamagitan ng panitikan, maaari nating masubaybayan ang ating pagkakakilanlang panlipunan at panlahi.

Ang bayan ng Pilar - Isa sa unang pamayanan na itinatag ng mga Espanyol sa Luzon ang Pilar. Matapos ang pinakaunang pagtatag sa pamayanang Gibalong (ngayon ay Magallanes) noong nakalipas na kalagitnaan ng ika-16 na siglo, ang paglalayag ng mga Espanyol sa pamumuno ni Kapitan Luis Enriquez de Guzman, kasama ang mga paring Agustino, Padre Alonzo Jemines at Padre Juan Orta na sumulong sa nasabing bayan. Ang pangkat ng mga Espnyol ay natuklasan ang lugar ay angkop upang itatag ang Misyong sa Abucay-Catamlangan, ito ay sentro kung saan naging bayan ng Pilar. Naging kapaki-pakinabang ang palitang galyon sa Maynila at Acapulco noong ika-16 siglo na aging daan upang maitatag ng mga Espanyol ang isa sa pinakamalaki at napakahalagang pagawaan ng bapor, ang isala ng Bagatao sa Magallanes at matatagpuan sa kabilang lugar nito ang misyon sa Abucay-Catamlangan. Ang isla ng Bagatao na nagsilbing pagawaan ng bapor ay napatunayang madaling mapasok ng mga Morong Pirata. Ang pagawaan ng bapor sa Bagtao ay madalas pasukin at sirain ng mga Moro, na nagging dahilan kung bakit ang mga Espanyol at may-ari ng pagawaan ng bapor sa loob ng baybayin ng Panlatuan, sapat rin ang suplay ng mga kahoy at abaka, at iba pang kagamitan na maaaring makuha ng libre o walang bayad.

Noong 1883 naging kilala ang Pilar sa Visita de Santo Niño na itinatag ng mga naninirahan mula sa Donsol. Nakalipas ang tatlong dekada ang mga mamamayan ng Santo Niño at Panlatuan kasama na rin ang iba pang maliliit na pamayanan ay nagdeklara ng petisyon upang maihiwalay ang kanilang mula sa bayan ng Cagsawa (ngayon ay Daraga), bayan ng Albay. Idineklara noong Agosto 6, 1831 na hiwalay na bayan ng Pilar, bilang klaster ang Visita de Santo Niño, Panlatuan, Inang, Putio, Sapa, at Candalogan na may humigit-kumulang 500 na tagapagbayad bilang isa sa mga kinakailangan. Ang Pilar ay ipinangalan alinsunod sa bagong silang na prinsesang si Pilar na anak nina Haring Philip II at Reynang Isabel I ng Espanya.

Sa pagsusuri ng mananaliksik, karamihan sa mga kabataan at ilang matanda sa kasalukuyang panahon ay walang ideya sa pinagmulang kuwento ng kanilang barangay. Marahil ay sa kakulangan ng mga babasahin na naitatala at naililimbag na naglalaman ng mga pinagmulang kuwento ng pangalan ng kanilang lugar. Ang nabanggit na sitwasyon ang nagtulak sa mananaliksik na gumawa ng pag-aaral patungkol sa mga pinagmulang kuwento ng pangalan ng bawat barangay sa bayan ng Pilar. Magiging kapaki-pakinabang din ito sa lokal na pamahalaan sapagkat makatutulong ito sa pagpapayabong ng pinagmulang kwento ng pangalan ng mga bawat barangay ng bayan ng Pilar. Magiging dahilan upang ang mga turista ay mahikayat na puntahan ang mga inilalarawan ng pag-aaral at magsisilbing batayan sa pagpatupad ng mga batas upang pangalagaan ang

pinagmulang kuwento ng pangalan ng bawat barangay sa bayan ng Pilar. Gayundin, magiging karagdagang babasahin at mapagkukunan ng impormasyon ito ng mga susunod na mananaliksik na magbibigay-tuon din sa pag-aaral sa mga kuwento ng pinagmulan ng mga pangalan ng barangay at sa panitikan sa kabuoan.

Layunin - Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang pinagmulan ng ngalan ng bawat barangay sa Pilar. Sinagot ng pag-aaral na ito ang: 1.) matukoy ang pinagmulang kuwento ng pangalan ng bawat barangay sa Pilar 2.) maipaliwanag ang integrasyon ng nakalap at nasuri na kuwento sa pagbuo ng banghay aralin, 3.) makabuo ng babasahing materyal na naglalaman ng mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay sa Pilar, Sorsogon.

3. Metodolohiya

Tiniyak sa pag-aaral na ito na malaman ang kuwento ng ngalan ng bawat barangay sa Pilar. Kuwalitatib-deskriptib na disenyo ng pag-aaral ang ginamit ng mananaliksik. Ayon naman kay McCombes (2022) ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay maaaring gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik upang siyasin ang isa o higit pang mga variable. Nakapokus ang naturang disenyo ng pananaliksik na tukuyin ang sistematikong pamamaraan na naglalayong ilarawan, maunawaan, at bigyang-kahulugan o linaw ang mga katanungan o suliranin ng kasalukuyang pag-aaral.

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante. Binubuo ito ng mga residente sa bawat barangay na nakaalam sa kuwentong pinagmulan ng pangalan ng kanilang lugar. May tatlo (3) ring residenteng nagmula sa magkakaibang henerasyon sa bawat barangay ng Pilar para sa pagpapatotoo ng kuwento. May kabouang 147 na impormante mula sa 49 na mga barangay sa Pilar, Sorsogon. Siniguro ng mananaliksik na ang mga pinagkunan ng datos ay pumayag na magbigay ng detalye at sila ay lumagda sa consent form. Batay sa Data Privacy Act ng 2012, kilala rin bilang Republic Act No. 1017335 na layunin nitong protektahan ang personal na impormasyon ng indibidwal sa mga sistema ng impormasyon at komunikasyon sa parehong gobyerno at pribadong sektor maging sa bahagi ng kasalukuyang pag-aaral.

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral na inihanda ng mananaliksik ay ang isang interbyu-skedyul para sa pakikipanayam. Ang mga nakasulat na tala ng kasaysayan ng barangay at munisipyo ay inanalisa gamit ang kontent analisis upang maunawaan ang mga temang bumubuo sa kuwentong pinagmulan ng bawat barangay sa Pilar, nagkaroon ng tematikong pag-aanalisa para sa temang nakapaloob sa mga kuwento. Samantala, gumamit din ng kontent analisis sa pagsuri kung paano maisasama ang mga nakalap na kuwento sa banghay-aralin.

4. Natuklasan

4.1 *Balik-tanaw sa mga Pinagmulang Kuwento*

Sa bahaging ito tinalakay ang pinagmulan ng mga ngalan ng bawat barangay.

Hango sa pangalan ng kalikasan. Nangunguna ang 15 kasalukuyang pangalan na hinango sa pangalan ng kalikasan, mula ito sa 45 na impormante. Ito ang mga barangay Banuyo, Bayasong, Bayawas, Cabiguan, Calongay, Calpi, Catamlangan, Comapo-Capo, Dao, Dap-dap, Guiron, Lungib, Mabanate, Malbog, at Sacnangan. Ang malaking puno ay tinawag na "BANUYO" na matatagpuan sa gitna ng lugar. Noong panahon ang lugar ay napapaligiran ng tubig kung saan ginagawa nilang tulay ang punongkahoy ng Banuyo upang hindi maabot ng tubig, dahil ito ay napakatibay at maskilala dahil sa napakarami nito sa lugar. Samantala, ang barangay Bayasong naman ay ipinangalan mula sa punongkahoy na "Bayasong," na may mahalagang papel sa kanilang pamumuhay. Ang "patungan," ay tumutukoy sa isang kahoy na lumilikha ng tunog bilang hudyat ng pagpupulong, ay naging sanhi ng hindi pagkakaintindihan sa pagitan ng isang Kastila at residente. Ang insidenteng ito ang nagbunga ng pangalan ng lugar bilang "Bayasong".

Ang pinagmulan ng kasalukuyang pangalan nito, Bayawas, ay hango sa prutas na bayabas. Dahil sa

kasaganaan ng bayabas sa lugar, iminungkahi ng mga residente na palitan ang pangalan mula Burgos Mendaro at gawing “bayawas” sa wikang bikol, kaya opisyal na pinangalanan ang lugar na barangay Bayawas. Ang pinagmulan ng pangalan ng barangay Cabiguan ay nag-ugat sa kawayan ng Bigao, na noon ay sagana sa lugar. Ayon sa matatanda, may mga dayuhang Kastila na dumating sa lugar at nagtanong tungkol sa tawag sa mga kawayang na makikita sa lugar. Ang sagot ng isang matanda ay "Bigao." Sa kalaunan, tinawag ang lugar na "ka-bigaohan," na nangangahulugang maraming Bigao, at sa paglipas ng panahon, naging "Cabiguan"

Ang barangay Calongay naman ayon sa kuwento, kaya pinangalan ang lugar dahil noong unang panahon ang barangay Calongay ay punong-puno ng “kuro-kalongay” na isang klase ng punongkahoy. Dahil napansin nila ang maraming puno ng kuro-kalongay sa kanilang paligid, napagkasunduan nilang gamitin ang pangalang "Calongay". Ang barangay Calpi ay dating kilala bilang Calping Gurang, pinalawak ang lugar sa tulong ni Teniente Vereno Baula, na nag-donate ng lupa para maging barrio site na tinawag na Calping Aki. Ang pangalan ay nagmula sa insidente kung saan itinuro ng isang residente ang puno ng Calpi sa mga sundalong Espanyol na nagtatanong, at napagkasunduan ng mga matatanda na gawing "Calpi" ang opisyal na pangalan ng barangay. Ang pinagmulan ng pangalan ng barangay Catamlangan ay hango sa pangalan ng punongkahoy, dahil ang lugar ay masagana sa matitigas na kahoy na tinatawag na “langan” samantala ang ibig sabihin ng “catam” ay isang salitang Bikol para sa isang katam na kagamitang ginagamit upang pakinisin ang kahoy, dahil sa dalawang salitang nabuo tinawag ang lugar na Catamlangan.

Samantala ang Comapo-Capo ay pinangalan hango sa kalikasan ng lugar, na kilala noon sa liblib na lokasyon at saganang kakahuyan na may matarik at malalaking bato. Ayon sa kuwento, habang nagpapatrolya ang mga sundalong Espanyol, nakakita sila ng mga residente na naghuhukay ng pundasyon para sa bahay. Sa hindi pagkakaintindihan, itinuring ng mga sundalo na ang sagot ng mga residente, "Capo-capo," na nangangahulugang malalaking bato, ay pangalan ng lugar. Dahil dito, naging opisyal na tinawag ang barangay na Comapo-Capo. Ang pangalan ng barangay Dao ay nagmula sa punongkahoy. Ang lugar, na kabilang sa Poblacion dahil malapit ito sa sentro ng bayan, ay kilala noon sa isang bukal na nagsisilbing pinagkukunan ng tubig ng mga residente at karatig barangay. Ang pangalan ng barangay Dao ay nagmula sa punongkahoy na Dao na matatagpuan malapit sa bukal. Ang pinagmulan ng pangalan ng barangay ay mula sa isang punongkahoy. Ayon sa kuwento, habang naglalayag gamit ang isang bangkang de sagwan o “baroto,” namangha ang mga sundalong Espanyol sa kagandahan ng mga namumulaklak na punongkahoy na Dapdap. Tinanong nila ang isang lalaki tungkol sa pangalan ng lugar, ngunit dahil hindi niya naintindihan ang wika ng mga sundalo, sumagot siya ng Dapdap. Simula noon, ang lugar ay tinawag na Dapdap, bilang paggunita sa mga punong tumutubo nang sagana sa mga pampang ng ilog.

Ang pangalan ng barangay Guiron ay nagmula sa halaman na “guiron-guiron”. Ang barangay na matatagpuan sa baybayin ng munisipyo ng Pilar, ay dating bahagi ng Barangay San Antonio (Sapa) ngunit naging hiwalay dahil sa paglaki ng populasyon. Ang “guiron-guiron”, ay isang uri na damo na tumubo sa isla, at ito’y ginagamit ng mga mangingisda. Dahil dito, napili ang pangalang Guiron para sa barangay bilang pagkilala sa damong ito na sagana sa lugar. Ang Barangay Lungib ay nakuha ang pangalan mula sa kalikasan. Dating isang maburol na kagubatan na napapalibutan ng iba’t ibang yungib, tinawag itong "Lungib" dahil sa mga kuweba na matatagpuan sa lugar. Ang salitang "Lungib" ay nagmula sa salitang ugat na “yungib”. Ang Barangay Mabanate ay ipinangalan mula sa punongkahoy na tinatawag na Banate. Sa paglipas ng panahon, lumaki ang populasyon sa Calongay, kaya naramdaman ng mga taga-sitio Mabanate na hindi nabibigyang pansin ang kanilang lugar. Dahil dito, nagdesisyon silang humiwalay upang maging isang independiyenteng barangay. Sa kalaunan, tinawag ang bagong barangay na Mabanate, hango sa masaganang punongkahoy na Banate na matatagpuan sa lugar.

Ang Barangay Malbog ay ipinangalan mula sa kalikasan. Ang lugar ay sagana sa produktong pang-agrikultura at pangunahing hanapbuhay ng mga residente ang pagtatanim, dahil sa lawak ng mga taniman ng palay. Tinawag itong "Malbog" dahil sa salitang Bikol na "malabog," na tumutukoy sa maulap o di-malinaw na tubig mula sa salog. Sa paglipas ng panahon, ang salitang "Malabog" ay pinaikli at naging "Malbog." Ang Barangay Sacnangan ay nagmula sa pangalan ng kalikasan. Dati itong isang sitio ng Barangay Inang at unang

tinawag na Sacranan dahil sa maraming punongkahoy na nagsasanga-sanga sa daanan. Kahit mayroon nang kalsada sa lugar, nananatili pa rin ang mga punongkahoy na ito. Sa paglipas ng panahon, ang Sacranan ay naging Sacnangan. Bagamat sa 15 pangalan ng barangay ito ay iniugnay sa pangalan ng kalikasan, natuklasan ng mananaliksik na isa (1) lang ang natukoy na barangay na noon pa man ay may dati na itong pangalan na hinango sa pangalan ng tao ito ang barangay Bayawas.

Nangangahulugang na ang pinakamalaking bilang ay patungkol sa pangalan ng lugar na nag uugnay sa kalikasan o yamang likas na meron ang bayan ng Pilar partikular na ang iba't ibang uri ng halaman, prutas, mga kawayan at punongkahoy na tumutubo rito. Mayroon ding mga malalaking bato, kuweba, at ilog na matatagpuan na magbibigay atraksyon sa mga turista na tutulong sa ekonomiya, kultura, at pagpapalaganap ng kasaysayan ng isang lugar. Sa ginawang pag-aaral ni Gilbas (2018) Ang mga alamat ay mga kwentong naglalarawan ng nakaraan at nagpapakita ng pagkakakilanlan ng isang bayan. Sa pamamagitan ng naipapasa ang mga kwento nagkakaroon ng ideya o kaalaman sa pinag-ugatan ng mga bagay bagay pinatitibay nito ang pagkakakilanlan ng bawat indibidwal.

Ayon naman sa pag-aaral ni Lopez (2019) ang pangkapaligirang pagpapahalaga ay makakamit sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa pilosopiya, pagpapahalagang pangkalikasan, at mga dinamikong panlipunan. Ang mga elementong ito ay magkakaugnay at kailangan pagtuunan ng pansin upang makamit ang tunay na pagpapahalaga ng kapaligiran. Ang pabago bagong pangalan ng mga barangay sa bayan Pilar ay nagpapatunay sa malalim na koneksyon ng mga tao sa kanilang nakikita o impluwensiya sa kung paano nito hinuhubog ang kanilang paniniwala at kultura.

Hango sa pangalan ng tao. May 13 na kasalukuyang pangalan na hinango sa pangalan ng kalikasan, mula ito sa 39 na impormante. Ito ang mga barangay Abas, Cagdongon, Del Rosario, Esmerada, Lubiano, Leona, Marifosque, Mercedes, Migabod, Naspi, Pineda, San Jose, at Sta. Fe. Ang barangay Abas naman ay hango sa pangalan ng tao. Ang Barangay Abas ay inihango sa pangalan ni Abbas, isang negosyanteng Bombay na nagbigay ideya sa mga residente ng halaga ng komersyo noong panahon ng Kastila. Kilala dati ang lugar bilang "embarcadero" na tinatawag ng mga kastila noon o "durungan" sa wikang Bikol at bilang pagkilala kay Abbas, napagpasyahan ng mga residente na baguhin ang pangalan ng barangay at tawagin itong "Abas.

Ang pangalan ng lugar ay inihango kay "Kaka Dungon," isang mabuting manggagamot na hinangaan ng mga tao dahil sa kanyang kagandahang-loob at mga kuwentong panrelihiyon. Bilang paggunita sa kanya, tinawag ng mga residente ang lugar na "Kakadongon," na sa paglipas ng panahon ay naging "Cagdongon." Ang barangay, na dating kilala bilang Huraray at Bual, ay pinangalanang Del Rosario bilang pagkilala kay Don Manulo Del Rosario, na nagkaloob ng lupa sa mga residente. Sa mungkahi ng mga opisyal at pagsang-ayon ng mga residente, napili ang bagong pangalan na "Del Rosario," kasabay ng pag-aala ng barangay sa kanilang patron na si Nuestra Señora Del Rosario. Ang barangay Esmerada ay ipinangalan sa isang tao. Nagmula ito sa isang pamilyang naninirahan sa lugar, kung saan si "PAPO" at ang kanyang imahe ni San Antonio de Padua ang naging sentro ng pamayanan. Nang piliin ang pangalan ng barangay, napagkasunduan ang "Esmeralda," mula sa pangalan ng isang kamag-anak ni "PAPO." Kalaunan, naging opisyal itong "Esmerada."

Ang Barangay Lubiano ay ipinangalan sa isang tao. Dati itong kilala bilang barangay Cagbacong, na hango sa salog ng Legazpi na nagkokonekta sa lugar. Sa pamumuno ni kapitan Francisco Lubiano, nag-donate siya ng lupa para maging "barrio site" at bilang pasasalamat, napagkasunduan ng mga residente na palitan ang pangalan ng barangay at tawagin itong barangay Lubiano. Ang Barangay Leona ay ipinangalan sa pamilyang Felipe Leona, ang unang nanirahan sa lugar. Dating sitio ng Barangay Pinagsalog, lumaki ito at dumami ang populasyon. Dahil sa layo nito, pinangunahan nina Felicisimo Madrilejos at Sebastian Leona noong 1948 ang pagsisikap na gawing hiwalay na barangay. Sa tulong ni Mayor Madrideo at ng mga residente, napagkasunduan gamitin ang pangalang "Leona" bilang paggunita sa pinagmulan nito.

Ang Barangay Marifosque ay ipinangalan kay Paulino Marifosque, na naging presidente ng Pilar noong panahong wala pang kalsada at ang transportasyon ay sa pamamagitan ng Ilog Putiao. Sa kanyang termino,

binuksan ang Putiao-Pilar road seksyon, na nagbigay ng mas maraming oportunidad at nagpabilis ng transaksyon, dahilan ng pag-unlad ng ekonomiya ng lugar. Bilang pagkilala sa kanyang kontribusyon, i-pinangalanan ang barangay sa kanya. Ang Barangay Mercedes ay ipinangalan sa isang batang babae na si Mercedes, anak ng mag-asawang may ari ng lupa sa lugar. Bagamat sila'y pinagpala at nagkaroon ng anak, si Mercedes ay maagang pumanaw dahil sa malubhang sakit. Bilang pagkilala sa alaala ni Mercedes, ipinangalan ng mga magulang ang lugar sa kanya, kaya tinawag itong Barangay Mercedes.

Ang Barangay Migabod ay nakuha ang pangalan mula sa dalawang matalik na magkaibigan, sina Francisco Satuna at Don Lorenzo Lita. Sa termino ni Don Lorenzo Lita bilang *teniente del barrio*, ginawan niya ng paraan upang ihiwalay ang barangay dahil sa lumalaking pamayanan. Ang pangalan ng barangay ay hango sa salitang Bikol na "MIGA," na nangangahulugang magkaibigan, at "OROBOD," na ibig sabihin ay magkasama nang mahigpit, na sumasalamin sa pagiging malapit at pagkakaibigan ng mga residente sa lugar. Ang Barangay Naspi ay ipinangalan kay Leopoldo Espinas, isang residente na nakapagtapos ng pag-aaral at nagtrabaho sa Maynila. Sa kanyang pagbabalik, tumulong siya sa pagpapabuti ng kabuhayan ng mga residente, lalo na sa larangan ng agrikultura, na nagresulta sa pag-unlad ng lugar. Kalaunan, ang lugar ay naging isang independiyenteng barangay at bilang pasasalamat, binaligtad ng mga residente ang apelyidong "Espinas" upang gawing pangalan ng kanilang barangay Naspi.

Ang Barangay Pineda ay ipinangalan kay Sorpecio Pineda, isa sa mga nag-donate ng lupa para sa barangay site. Ang lugar na unang tinawag na Sitio Sagurong ay pinamunuan ni Elinio Matias bilang *cabeza de barangay*. Ang Barangay Pineda ay binubuo ng mga sitio tulad ng Sagurong, Malucban, Lutapon, Proviner, at Tipon-Tipon. Ang lugar ay tinatawag na dating Natundagan ipinangalan kay Jose Mindasa ang lugar, isang mabuting residente na kilala sa pagtulong sa kapwa sa oras ng kagipitan. Siya ay nagmamay-ari ng malawak na lupang pang-agrikultura at maraming alagang hayop, kaya't maunlad ang kanyang pamumuhay. Dahil sa kanyang kabutihan, ang mga residente ay madalas umaasa sa kanyang tulong at, bilang pasasalamat, pinangalanan nila ang barangay na San Jose mula sa kanyang pangalan.

Ang Barangay Santa Fe, na dating kilala bilang Sitio "Maagol-Agol," ay hinango sa kanilang Santa na si Neustra Sra. De Santa Fe bilang pagpupugay sa kanilang Patron. Kalaunan, nang magpasya ang mga residente na ihiwalay ang sitio mula sa Barangay Lumbang at maging independiyente, pinangalan nila ang kanilang bagong barangay na Santa Fe. Subalit ang 13 na pangalan ng barangay na ito ay hinango sa pangalan ng tao, natukoy ng mananaliksik na pito (7) lamang ang may orihinal na naitalakay na pangalan mula sa pangalan ng tao tulad ng Cagdongon, Esmerada, Leona, Marifosque, Mercedes, Migabod, at Naspi. Nangangahulugan na ito ay isang proseso ng pagkilala o pagtukoy sa isang tao batay sa kanyang pinagmulan o mga katangian, lalo na sa konteksto ng isang lugar kung saan mayroong kasaysayan ng pagiging magiliw sa mga dating naninirahan. Maaring tumutukoy sa kung saan nagmula ang isang tao tulad ng ilang barangay sa bayan ng Pilar na kasalukuyang may labing tatlo na pangalan na hinango sa pangalan ng tao ngunit may orihinal na pinanggalingan mula sa lokasyon at kalikasan na nagbigay ng mas malalim na pagkakakilanlan sa lipunan.

Ang pakikipagkapwa ay ang paraan ng pakikisalamuha sa ibang tao (at sa ibang nilalang) nang may buong paggalang at walang halong pagkukunwari Enriquez (2007). Ang pakikipagkapwa ay isang malalim na konsepto na nagpapahiwatig ng pagiging bahagi ng isang komunidad, na may pagpapahalaga sa paggalang at katapatan sa pakikitungo sa iba. Ito ay nagpapakita ng isang mahalagang aspeto ng kulturang Pilipino, kung saan ang ugnayan sa kapwa ay binibigyang-halaga tulad ng mga ilang pangalan ng barangay na hango sa ngalan ng tao na pinagugatan ng mga unang tao na nagkaroon ng personal na pagpapakahulugan para sa isang indibidwal, maaring ito ay nauugnay sa mga alaala, karanasan, o mga taong mahalaga na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa pagbibigay ng pangalan sa lugar.

Hango sa pangalan ng pangyayari. Sumunod naman ang pito (7) na kasalukuyang pangalan na hinango sa pangalan ng pangyayari, mula ito sa 21 na impormante. Ito ang mga barangay Abucay, Binanuahan, Danlog, Esperanza, Palanas, Poctol, at Pudo. Ang barangay Abucay naman ay hango sa pangyayari ng lugar. Ang

barangay Abucay ay nagmula sa pinagsamang salitang Bikol na "abo" at "cay," na nangangahulugang "abo-bangkay". Pinangalanan ang lugar bilang "abo-bangkay" upang gunitain ang mga Pilipinong nagbuwis ng buhay sa isang labanan noong 1821 laban sa mga Kastila. Ang barangay, na dating kilala bilang Sitio Malangatong at Santo Niño, ay kalaunang tinawag na Binanuahan, na nangangahulugang "pinaka-unang banwa" o pamayanan. Ang pangalan ay nagmula sa kasaysayang nauugnay kay Santo Niño kaya't naging opisyal ang pangalan na Binanuahan.

Ang Barangay Danlog ay nagmula sa salitang Bisaya na "Kadanlog," na nangangahulugang madulas. Ang pangalan ay nag-ugat mula sa isang manlalakbay na paulit-ulit nadapa sa madulas na lupa ng lugar, habang binibigkas ang salitang "Kadanlog man di." Kalaunan, ang salitang ito ay naging biro at tawag ng mga residente sa lugar, hanggang sa ito'y opisyal na tinawag na Danlog. Ang barangay Esperanza ay nagmula sa isang makasaysayang pangyayari. Noong panahon ng mga Espanyol, isang sundalong Espanyol ang nagtago sa liblib na kagubatan habang tinutugis ng mga sundalong Amerikano at Pilipino. Nahuli siya ng mga Pilipino, ngunit sa halip na matakot, binigkas niya ang salitang "Esperanza" (pag-asa), dahil mas naramdaman niyang ligtas sa kanilang kamay. Kalaunan, ginamit ang salitang ito bilang pangalan ng barangay.

Ang Barangay Palanas ay nakuha ang pangalan mula sa salitang "Paalnas," na sa lokal na diyalekto ay nangangahulugang madulas. Dati itong sagana sa malalaking punongkahoy at angkop sa agrikultura, kaya nanirahan dito ang mga magsasaka. Sa panahon ng tag-ulan, nagiging madulas ang daanan, at isang insidente ng biro mula sa mga kabataan ang nagdulot ng pangalan ng lugar. Nang tanungin ng mga Kastila kung ano ang tawag dito, sinambit ng mga kabataan ang salitang "Paalnas" sa pagaakalang ito ang pangalan ng lugar. Kalaunan, tinawag itong "Palanas." Ang Barangay Poctol ay ipinangalan mula sa isang pangyayari. Dating liblib at puno ng kagubatan, ang sentro ng barangay ay inilipat sa kasalukuyang lokasyon nito sa gilid ng kalsadang tinatawag na Mayan, sa pagsisikap ni Quirico Espinas Sr. Tinawag ang lugar na Poctol dahil sa tulay na nag-uugnay nito sa Barangay Bayawas. Nang naputol ang tulay, ang ilang residente mula sa Bayawas ay lumipat sa Poctol. Sa kalaunan, ang dating pangalan na Mayan ay pinalitan ng Poctol.

Ang Barangay Pudo ay ipinangalan mula sa isang pangyayari. Dating isang sitio ng Barangay Esmerada, isang matandang residente ang nakatuklas na maaaring gawing barangay ang lugar kung marami na ang naninirahan dito. Sa kanyang pagsusumikap, ang lugar ay naging isang barangay. Sa pamumuno ni Teniente del Barrio Estanislao Manoriña, ang sitio ay "pinitas" mula sa Barangay Esmerada. Ang salitang "Pudo," na hango sa salitang Bikol na "pinitas" o "pitas," ang naging pangalan ng barangay. Ngunit sa pitong (7) na pangalan ng barangay na ito ay hinango sa pangalan ng pangyayari, natukoy ng mananaliksik na lima (5) lamang ang may orihinal na naitalakay na pangalan mula sa pangalan ng pangyayari tulad ng Abucay, Danlog, Leona, Esperanza, Palanas, at Pudo.

Kaugnay nito, ayon kay Justin (2014), ang kulturang Pilipino ay nabubuo mula sa pagpapahalaga sa mga katutubong tradisyon at impluwensiya ng mga kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop. Ang mga dayuhan ay nag-iwan ng mga malinaw na bakas sa ating bansa. Kabilang dito ang iba't ibang paniniwala, mga salita, paraan ng pamumuhay at mga uri ng kultura. Sa bayan ng Pilar, ang pangalan ng mga barangay Abucay, Danlog, Esperanza at Palanas ay nagmula sa iba't ibang salita na binigkas ng mga dayuhan o pinaniwalaan. Ito ay isang halimbawa kung paano ang wika ng dayuhan ay nag-iwan ng malalim na impluwensiya sa mga lokal na naninirahan.

Ayon nga kay Cavinta (2021), ang wika ay naging kasangkapan ng tao upang magkaunawaan. Habang lumilipas ang panahon, mabilis na nagbabago ang anyo ng wika at patuloy namang lumalaganap ang impluwensiya ng mga dayuhan, na nagdulot ng pagbabago at paghubog sa wika. Ang pagpapangalan ng mga barangay sa Pilipinas ay isang mayamang larangan ng pag-aaral na nagpapakita ng malalim na ugnayan ng wika, kasaysayan, kultura, at heograpiya.

Hango sa pangalan ng lokasyon. Batay naman sa apat (4) na kasalukuyang pangalan na hinango sa pangalan ng lokasyon, mula ito sa labing dalawa (12) na impormante. Ito ang mga barangay Pang-pang, Lipason,

Inang, at Bantayan. Ang pangalan ng barangay ay nagmula sa salitang “Ban-tayan,” na tumutukoy sa lugar na pinagbantayan ng mga gerilyang Pilipino noong panahon ng Hapon. Ginamit ang barangay bilang “watch area” para sa mga dumadaang barko, lalo na ang mga barkong Hapon, upang maipaalam ang mga impormasyon sa punong himpilan. Dahil dito, tinawag ang lugar na “Bantayan,” at kalaunan ay naging opisyal na pangalan nito.

Ang Barangay Inang ay pinangalanan batay sa lokasyon at kasaysayan nito bilang isa sa pinakamatandang barangay ng Pilar. Tinatawag itong “Inang” dahil ito ang naging pangunahing barangay ng mga dating sitio tulad ng Salvacion, Del Rosario, Sacnangan, at Ginablan. Sa pagdami ng populasyon, ang mga sitio na ito ay naging mga independiyenteng barangay, ngunit nanatili ang Barangay Inang bilang inang barangay na nagbigay simula at suporta sa kanila. Ang Barangay Lipason ay nakuha ang pangalan mula sa lokasyon nito. Una itong tinawag na “Lipasan,” na nangangahulugang “ang daan,” dahil ito ang patag na daanan na ginawa ng mga residente upang mas madaling makarating sa sentro ng Pilar. Sa paglipas ng panahon, ang “Lipasan” ay naging “Lipason”.

Ang Barangay Pang-pang ay ipinangalan batay sa lokasyon nito sa mataas na bahagi ng baybaying dagat. Ang pangunahing hanapbuhay ng mga residente ay pangangisda. Mula sa salitang “pangpangon” na tinawag ng mga residente, na kalaunan ay naging “Pang-pang.” Ang lugar ay nagsisilbing daungan ng mga bangka at sentro ng transportasyon papuntang Poblacion at karatig na lugar. Sa huli ang pangalan ng barangay na ito ay hinango sa pangalan ng lokasyon. Na masasabi ng mananaliksik na apat (4) ang may orihinal na naitalakay na pangalan mula sa pangalan ng lokasyon tulad ng Pang-pang, Inang, Bantayan at Lipason. Ang uri ng pamumuhay ng mga tao ay kadalasang naaayon sa kanilang lokasyon, dahil ang kinalalagyan ng isang pook ay may malaking epekto sa kanilang mga gawain. Ang lokasyon ay isang mahalagang salik na humuhubog sa pamumuhay ng mga tao. Batay sa pahayag ni Hausner (2017), ang toponimiya ay isang malawak na salita sa pagtutukoy ng pangalan ng mga heograpiyal na lokasyon. Ang mga pangalan ng lugar ay hindi lamang mga etiketa. Nagdadala ang mga ito ng impormasyon tungkol sa kasaysayan, kultura, at heograpiya ng isang lugar. Pinatutunayan ng mga impormante na ang lokasyon ay isang mabisang saligan sa pagbibigay ng pangalan sa isang lugar, dahil mas nagiging pamilyar at madaling mahanap ito ng mga residente.

Hango sa pangalan ng Santo/Santa. Alinsunod naman sa tatlo (3) na kasalukuyang pangalan na hinango sa pangalan ng Santo/Santa, mula ito sa siyam (9) na impormante. Ito ang mga barangay Lourdes, Salvacion, at San Rafael. Ang Barangay Lourdes ay dating isang kagubatan na natuklasang sagana sa agrikultura, dahilan upang dito manirahan ang mga tao nang permanente hanggang sa lumaki ang komunidad. Pinili nila si G. Alcazar, na may dugong Kastila, bilang kanilang pinuno. Nagbigay siya ng imahen ni Santa Lourdes, kaya napagdesisyon ng mga residente na pangalanan ang lugar bilang Lourdes bilang paggunita sa kanilang patron. Ang Barangay Salvacion ay hango sa pangalan ng kanilang patron na si Nuestra Señora de Salvacion. Dating kilala sa mga pangalang Cawilihan, Santa Clara, at 34, ang barangay ay nakilala bilang Salvacion matapos ang kwento ng kapilya ni Lola Epang. Noong panahon ng pananakop ng mga Hapones, sinunog ang kapilya ngunit hindi nasira ang imahe ng patron. Sa pagbibigay-pugay, nagtayo ang mga residente ng bagong kapilya at pinangalanan ang lugar sa kanilang patron.

Ang Barangay San Rafael ay dating tinatawag na tatakan ngangahulugang pagtutuli dahil kilala ang lugar kahit sa mga karatig nitong barangay. Sa paglipas ng panahon, isang mabait na residente, si Comedes Argote, ang nagdala ng imahe ni San Rafael bilang patron ng barangay. Bilang pagkilala sa patron, pinalitan ang pangalan ng lugar at tinawag itong barangay San Rafael. Natukoy ng mananaliksik na isa (1) lamang ang hinango sa pangalan ng Santa na orihinal na pinagbantayan at hindi pinalitan ang pangalan ng lugar, samantala ang Salvation ay hinango sa iba’t ibang pangalan tulad ng lokasyon hanggang sa naging itong Santa na pinangalan at kasalukuyang pangalan ng lugar, habang ang San Rafael naman ay may dati na itong pangalan bago pa ito hinango sa kasalukuyang pangalan ng Santo.

Ayon kay Abangan (2009) ang mga Pilipino ay maka-Diyos sapagkat buong pamilya ang sama-samang nagsisimba, nagrorosaryo at nagdarasal tuwing alas sais o orasyon. Ang pananampalataya ay isang bahagi ng buhay pamilya sa Pilipinas. Ayon kay Garcia (2016), ang bawat wika ay angkop sa bawat kultura. Ito ay

nagpapahiwatig na ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan ng komunikasyon, kundi isang repleksyon ng mga paniniwala, tradisyon, at pamumuhay ng isang grupo ng mga tao. Ang bawat wika ay may natatanging katangian na nabuo mula sa kultura kung saan ito ginagamit. Binibigyang diin dito ang kahalagahan ng pagpasa ng mga kwento at panitikan mula sa nakaraan patungo sa mga susunod na henerasyon.

Hango sa pangalan ng hanapbuhay. Ayon naman sa dalawa (2) na kasalukuyang pangalan na hinango sa pangalan ng hanapbuhay, mula ito sa anim (6) na impormante. Ito ang mga barangay Ginablan at Inapugan. Ang Barangay Ginablan ay pinangalan mula sa salitang "ginabol," isang produktong gawa sa hibla ng abaka na naging tanyag noong ika-17 siglo. Dumating ang pamilyang Calacog, na masipag sa pagtatanim, at nagdala ng ideya ng paggawa ng ginabol, kaya naging sikat ang barangay sa lugar at kalapit-bayan. Sa kalaunan, ginamit ang pangalang "Ginablan" bilang opisyal na pangalan ng barangay. Ang Barangay Inapugan ay nakuha ang pangalan nito mula sa pangunahing hanapbuhay ng mga residente, ang paggawa ng "apog" mula sa mga "tuwoy" o shell. Ang pangalan na "Inapugan" ay ibinatay sa "apog", na naging kilala dahil sa negosyo ng paggawa ng malalaking bangka, tulad ng Parau at Batel, na pinamunuan ni Don Sixto Baylon, isang mayamang negosyante sa lugar.

Nangangahulugan na dalawa (2) na pangalan ng barangay na ito ay hinango sa pangalan ng hanapbuhay, natukoy ng mananaliksik na ang lugar na ito ay may orihinal na naitalakay na pangalang hango sa hanapbuhay tulad ng Ginablan at Inapugan. Sinabi ni Peña (2015) na ang hanapbuhay at pamumuhay ng mga tao ay maiuugnay sa kapaligirang mayroon sila tulad ng Inapugan na ang pangunahing hanapbuhay ay ang paggawa ng "apog" kung saan mas madali nilang natutunan at nagbigay suporta sa kanilang pang araw araw na pamumuhay samantala ang Ginablan isa sa kanilang pangunahing hanapbuhay ay ang pagtatanim ng mga abaka na nagbigay trabaho sa mga residente at pagkilala sa lugar. Dagdag rin ni Honradez (2016), ang kapaligiran ay may kinalaman sa gawain ng tao sa isang lugar lalo't higit sa hanapbuhay. Nangangahulugan na ang kapaligiran ay may malaking impluwensiya sa kultura ng isang komunidad. Ang mga tradisyon, paniniwala, at kaugalian ay madalas na nakaugat sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kalikasan.

Hango sa pangalan ng bagay. Ang barangay Lumbang naman ay hinango sa pangalan ng bagay ayon sa tatlo (3) na impormante. Ang Barangay Lumbang ay nakuha ang pangalan mula sa salitang "Lubang," isang kahoy na istrukturang ginagamit sa pagbayo ng palay. Noong unang panahon, ang lugar ay sagana sa sakahan at palay. Nang tanungin ng mga sundalong Espanyol ang pangalan ng lugar, hindi nagkaintindihan sa wika kaya nasambit ang "Lubang," na kalaunan ay naging "Lumbang." Ayon kay White (1949), ito ay ang paglalapat ng kahulugan sa isang bagay ng mga taong gumagamit dito. Mahalaga ang proseso ng pagbibigay ng pangalan sa isang lugar, kung saan ang mga katangiang nakikita roon, tulad ng 'lubang' na pinagmulan ng 'Lumbang,' ay ginagamit. Ang mga pangalang ito, lalo na kung ang bagay na pinagmulan nito ay madalas makita o may malaking importansya sa mga residente noon, ay nagiging simbolo o palatandaan ng kasaysayan, kultura, at identidad ng lugar at ng mga taong naninirahan dito.

Hango sa pangalan ng hayop. Sinasabi naman na ang barangay Putiao ay hango sa pangalan ng ibon ayon sa tatlo (3) impormante na nakapanayam ng mananaliksik. Ang Barangay Putiao ay ipinangalan mula sa tunog ng ibong tinatawag na "kikiyaw," na gumagawa ng huni na "PITIAO." Noong unang panahon, ang Ilog ng Putiao ang nagsilbing ruta ng transportasyon at sentro ng kalakalan, kung saan ang mga mangangalakal mula Albay, Visayas, at iba pang lugar ay nakikipagpalitan ng produkto. Ang lugar ay sagana sa punongkahoy at tinawag na "Putiao" batay sa huni ng naturang ibon. Batay kina Gambosa at Francisco (2018), sinasabi nila nakakagawa ang mga tao mula sa mga malilikot na imahinasyon mula sa kanilang kapaligiran at sa uri ng kanilang pamumuhay na makikita sa mga kuwentong pasalindila ng mga tao. Ang mga lokal na naninirahan ang siyang lumikha ng mga kwento, dahilan kung bakit lubos nilang nauunawaan ang mga ito. Ang pagpapasa ng mga kuwentong may aral sa mga susunod na henerasyon ay isang natatanging katangian ng kulturang Pilipino.

Hango sa kombinasyon ng santo at kalikasan. Ayon naman sa barangay San Antonio Sapa ito ay pangalan na hinango sa kombinasyon ng santo at kalikasan batay sa tatlong (3) impormante na nakapanayam ng

mananaliksik. Ang Barangay San Antonio Sapa ay ipinangalan mula sa patron na si San Antonio de Padua at sa kalikasan, partikular ang "sapa" na pumapalibot sa lugar. Ang pangalan ay nagmula sa kwento ng pagbabalik ng isang residente mula sa Camalig, Albay, na nagdala ng imahe ni San Antonio de Padua, at sa sapa na naging hamon sa mga residente noon. Pinagsama ang dalawang elemento, kaya tinawag ang lugar na San Antonio Sapa.

Ayon sa pananaliksik nina Delim et al. (2016) likas na sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan kung kaya't kapag may dumarating na hindi kanais-nais na pangyayari agad itong ikinonsidera na may koneksyon sa kapaligiran. Tulad ng barangay Sapa mula sa pangalan ng lugar ng San Antonio Sapa ay binigyan koneksyon ang kalikasan dahil sa mas nangingibabaw na meron ang lugar noon at dahil rin sa mga dayuhang kastila mas nagkaroon ng malaking impluwensiya sa mga Pilipino lalo't na ang pagpapalaganap ng kristiyanismo sa bansa ng mga kastila na nagkaroon ng batayan upang palaganapin at mabigyang pangalan ang bawat lugar ng mga Pilipino na nakaangkla mula sa mga Santo/Santa.

Hango sa kombinasyon ng santo at tao. Ang barangay San Antonio Millabas naman ay kombinasyon na pangalan na hinango sa pangalan ng santo at tao ayon sa tatlo (3) na impormante. Ang Barangay San Antonio Millabas ay hango sa pangalan ng patron na si San Antonio de Padua at isang opisyal na si Millabas. Dati itong tinawag na "IBOD" dahil sa malaking bukal at saganang tubig sa lugar. Pinangalanan itong San Antonio mula sa imahe ni San Antonio de Padua na inialok ng dalawang estranghero. Idinagdag ang pangalan na Millabas bilang pasasalamat sa isang taong opisyal na tumulong sa barangay, kaya't tinawag ang lugar na San Antonio Millabas.

Ayon nga kay Eugenio (2007), na ang pagiging maka-Diyos ng mga Pilipino ay isang natatanging pagkakakilanlan. Napatunayan na ang relihiyon ay may malaking impluwensiya sa kanilang mga kaugalian, partikular sa pagtugon sa mga suliranin sa buhay, pagbibigay-halaga sa mga bagay na nakakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay, at pagtataguyod ng mga paniniwala na nagsisilbing batayan sa pagpapasya at pagkakakilanlan. Dagdag pa sa mga pag-aaral nina Manforte (2015) at Ilagan (2020), pinatunayan nila mula sa mga dokumentaryong pagsusuri ang iba't ibang natunghayan at nakalap na makikita sa mga maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian ng mga tao. Ang kaalaman sa pinagmulan ng pangalan ng barangay ay nakakatulong sa pagpapalakas ng pagkakakilanlan ng mga taong nakatira doon.

Hango sa kombinasyon ng lokasyon at kalikasan. Pinabulaanan rin ng tatlong impormante ng barangay Pinagsalog na ito ay kombinasyon ng pangalan hango sa lokasyon at kalikasan. Ang Barangay Pinagsalog ay nakuha ang pangalan mula sa salitang "Pinagsalog," na tumutukoy sa isang ilog na nabuo sa tulong ng tao at kalikasan, dulot ng patuloy na pagguho ng lupa sa paglipas ng panahon. Dati itong tinatawag na "Pinagsaugan" dahil sa paggamit ng kangga o kareta na hila ng kalabaw bilang pangunahing transportasyon ng mga residente. Napapalibutan ng salog ang lugar, kaya nakasanayan na ng mga tao na tawagin itong Pinagsalog. Natukoy ni Mooney (2011), na ang pagpapahalaga ay nagsisilbing batayan ng isang grupo o ng lipunan sa kabuoan kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang hindi. Ang mga pagpapahalaga ay hindi lamang mga personal na paniniwala. Ito ay mga pinagsasaluhang ideya na nagdidikta sa kung paano kumilos ang isang grupo o buong lipunan. Katulad na lamang sa barangay Pinagsalog na hango sa kombinasyon ng lokasyon at kalikasan. Ang lokasyon at kalikasan ay humuhubog sa kultura at kasaysayan ng isang lugar. Ang mga tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng mga tao ay madalas na nakaugnay sa kanilang kapaligiran.

Hango sa kombinasyon ng bagay at kalikasan. Sinabi rin ng tatlong impormante ng barangay Catamlangan na ito ay kombinasyon ng pangalan hango sa bagay at kalikasan. Ang kuwentong pinagmulan ng pangalan ng barangay Catamlangan ay hango sa pangalan ng punongkahoy, dahil ang lugar ay masagana sa matitigas na kahoy na tinatawag na "langan" samantala ang ibig sabihin ng "catam" ay isang salitang Bikol para sa isang katam na kagamitang ginagamit upang pakinisin ang kahoy, dahil sa dalawang salitang nabuo tinawag ang lugar na Catamlangan. Ayon nga kay Honradez (2016), ang kapaligiran ay may kinalaman sa gawain ng tao sa isang lugar lalo't higit sa hanapbuhay o pinagkakakitaan ng mga naninirahan dito. Nangangahulugan lamang na ang mga bagay bagay sa kalikasan ay likas na mapagkukunan ng pangangailangan o pansariling pangkumsumo sa pang-araw araw na pamumuhay.

Ang resulta ng mga pananaliksik at pakikipanayam ay nagpapakita ng mahalagang implikasyon ng mga pahayag tungkol sa pinagmulan ng mga pangalan ng barangay sa bayan ng Pilar. Ang mga kwento ng ating mga ninuno ay mga bintana sa nakaraan. Naglalaman ito ng mga impormasyon tungkol sa mga pangyayaring naganap noon, mga tradisyon, mga paniniwala, at mga karanasan ng ating mga ninuno. Sa pamamagitan ng mga kwento ng ating mga ninuno ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga henerasyon. Ito ay isang paraan ng pagpapamana ng mga tradisyon, mga kaugalian, at mga paniniwala mula sa mga nakatatanda patungo sa mga nakababata. Nagbibigay ito ng pakiramdam ng pagkakaisa at pagmamalaki sa ating sariling lugar. Ang mga kwento ng ating mga ninuno ay hindi lamang mga simpleng kwento. Ito ay mga mahalagang bahagi ng ating kasaysayan at kultura. Mahalaga na pahalagahan at panatilihin ang mga kwentong ito upang maipamana natin ito sa mga susunod na henerasyon.

Ang edukasyon ay magiging isang pundasyon sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampantitikan, na siyang magbubukas ng daan upang ganap na maunawaan ang kanilang mga layunin. Ang mga kwentong ito, na likha ng mga residente ng Pilar, ay magiging mahalagang kasangkapan para sa mga guro. Sa pamamagitan ng mga ito, magkakaroon sila ng mga materyales na nagpapakita ng tunay na kultura at karanasan ng komunidad. Ito ay magpapahintulot sa kanila na magdisenyo ng mga aralin na may kaugnayan sa tunay na buhay ng mga mag-aaral, na magpapalakas sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga kagamitang panturo. Sa ginawang pag-aaral ni Baer (2017), ang localized at contextualization na kurikulum ay batay sa lokal na pangangailangan kapakipakinabang sa mga mag-aaral kung saan may kalayaan ang kasiningan sa mga mag-aara. Ang kontekstwalisasyon ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na makita ang kaugnayan ng kanilang pag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang mga kwento ay maaaring magamit upang ituro ang mga halaga, tradisyon, at kasaysayan ng komunidad.

Pinatunayan ni Resuma (2007) na dapat ang kagamitang panturo at tumutugma sa pangangailangan, interes, at abilidad ng mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing mahalagang instrumento sa paghuhubog ng kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mayamang kasaysayan at kultura ng mga barangay sa bayan ng Pilar. Sa pamamagitan ng masusing pagsisiyasat sa mga kuwento at naratibo ng kanilang sariling pamayanan, sila ay magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga tradisyon, paniniwala, at pinagdaanang kasaysayan na bumubuo sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga mamamayan ng lugar na ito. Sinabi ni Romilia (2009), ang kultura ay yaman ng isang bayan. Ang mga datos na nakalap tungkol sa kasaysayan ng bawat barangay sa Pilar ay nagbibigay ng mahalagang pundasyon para sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan. Ang mga impormasyong ito ay dapat gamitin upang bumuo ng mga epektibong batas at mga proyekto na naglalayong protektahan at panatilihin ang kultural na pamana. Ito ay nangangahulugan ng pagpapatupad ng mga polisiya na nagbibigay-proteksyon sa mga makasaysayang lugar at artepakto, at paglulunsad ng mga programa na nagpapalaganap ng kaalaman at pagpapahalaga sa kasaysayan sa mga mamamayan.

Ayon kay Cruz (2016), ang panitikan ay nagsisilbing salamin ng mga nakasanayang kaugalian at mga tradisyong patuloy pa rin nating ginagawa. Ang mga magulang, bilang unang guro sa buhay ng kanilang mga anak, ay may mahalagang papel sa paghubog ng pagmamahal sa sariling kultura at panitikan. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kuwento mula sa kanilang bayan, hindi lamang nila itinuturo ang kahalagahan ng pagbabasa, kundi nagtatanim din sila ng binhi ng pagmamalaki sa kanilang pinagmulan. Ayon kina Panopio, Cordero at Raymundo (1994, p. 27) sa kanilang pananaliksik na ang kultura ay salamin ng pamumuhay, pananaw at kaisipan ng bawat komunidad at maaari itong maisalin sa mga susunod na henerasyon sapamamagitan ng wika para mapanatiling buhay at makilala ng mgakasalukuyang kabataan. Tumutukoy na ang kultura ay isang bagay na natututuhan ng isang indibidwal depende sa paraan ng kanyang pakikisalamuha sa kapaligiran.

4.2 Ang mga Kuwento Bilang Lunsaran sa Pagtuturo

Ang pagbuo ng isang malinaw at epektibong banghay aralin ay nangangailangan ng maingat na pagpapalano upang matiyak ang maayos na daloy ng aralin. Dapat itong naglalaman ng malinaw na layunin, angkop na estratehiya sa pagtuturo, at mga makabuluhang gawain na magpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang

mga nalikom na kuwento sa bawat barangay ng Pilar ay nagsilbing basehan sa paggawa ng banghay aralin, nangalap ng kompetensi ang mananaliksik na may layuning “Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakindingan/nabasang alamat” na naka angkla sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) mula sa pangalawang baitang, naniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ito sa mga mag-aaral dahil sa primaryang lebel, nagbubukas ang malaking interes ng mga mag-aaral tungkol sa kuwento dahil sa kanilang likas na pagkamausisa at kasiyahan sa pakikinig ng mga kuwento.

Sa ganitong yugto, mahalaga ang paggamit ng makulay na paglalarawan, tunog, at interaktibong pamamaraan upang mapanatili ang kanilang atensyon at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga kuwento. Ang mga kuwentong may aral, alamat, at pabula ay nakakatulong sa paghubog ng kanilang imahinasyon at pagpapahalaga sa kultura at tradisyon. Makatutulong rin ang banghay aralin bilang kagamitang pampagtuturo o lunsaran pagtuturo sa silid aralan upang tiyakin na ang layunin ng aralin ay masigurong nakaayon sa mga kompetensi na dapat matamo at magkaroon ng sistematikong daloy ng aralin, mula sa pagpapakilala ng paksa hanggang sa pagtataya ng natutuhan ng mga mag-aaral. Binigyang diin ito ng DepEd Order (DO) no. 42, s. 2016⁵⁹, may kalayaan ang mga guro na magplano, bumuo, at gumamit ng iba't ibang paraan at materyales sa pagtuturo para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pagganyak sa pag-aaral - Sa bahaging ito nagbigay ng pahapyaw na ideya ang mananaliksik sa paksang tatalakayin ng mga mag-aaral, dahil ito ang susi sa pagbubukas ng isipan at interes ng mga mag-aaral, mahalagang maging kreatibo sa mga gagamiting materyal upang makuha ang kanilang atensyon na nasasabik silang matuto at tuklasin ang bagong kaalaman. Sa pamamagitan ng makatawag-pansin na mga larawan, kwento, o aktwal na karanasan, maaaring mapukaw ang kanilang pagka-usisa at hikayatin silang makilahok nang mas aktibo sa talakayan.

Paglalahad sa pag-aaral - Ito ay bahagi ng proseso ng pagtuturo kung saan inilalapat, ipinapaliwanag, at isinasayos ang pangunahing konsepto ng aralin. Sa yugtong ito, ang guro ay nagtatampok ng impormasyon sa malinaw at organisadong paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang paksa nang mas malalim.

Pagtatalakay sa pag-aaral - Ang pagtatalakay ang naging sentro ng pagkatuto sa aralin, kung saan ipinakilala ng mananaliksik ang mga alamat batay sa mga kuwentong kanyang nakalap. Ang mga kuwentong ito ay ibinatay sa iba't ibang barangay sa bayan ng Pilar, upang magkaroon ng kaalaman/ideya ang mga mag-aaral tungkol sa pinagmulan ng pangalan ng kanilang lugar.

Pangkatang Gawain - Sa bahaging ito ay naglalayong palakasin ang pakikipagtulungan at kooperasyon sa loob ng isang grupo dahil sa itinalaga ng kanilang guro, pinapatibay nito ang pakikipagtulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ideya at pagsamasama ng kanilang kaalaman. Makikita rin dito ang kontribusyon ng bawat mag-aaral, ang kanilang pinagsama samang kaalaman sa pagbuo ng isang awtput sa aralin.

Paglalahat sa Pag-aaral - Ito ay isang mahalagang bahagi ng banghay aralin kung saan pagsasama-samahin ang aralin na tatak sa isipan ng mag-aaral kung tunay nitong naunawaan. Ang parteng ito ay ibubuod ng guro ang mga temang nakapaloob sa mga kuwentong isinama sa banghay aralin upang magkaroon ng katiyakan ang guro kung tunay nga bang naiintindihan ng mga mag-aaral.

Paglalapad sa Pag-aaral - Ito naman ang bahagi kung saan ang mga aralin ay bibigyan ng **kritikal na kaisipan** at malikhaing pagsasanay upang malaman kung naiintindihan ng mga mag-aaral ang mga aralin, ito rin ay magsisilbing sukat kung hanggang saan nila naintindihan ang pag-aaral.

Pagtataya sa Pag-aaral - Ito ay isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng banghay-aralin, na kumakatawan sa proseso ng pagsusuri kung paano lubos na naunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin sinasabi na ang pagtataya ay hindi lang pagsusulit ito ay masusing pagsusuri sa pagkatuto ng mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang malikhaing paraan.

Takdang Aralin - Ito ay mahalagang bahagi ng banghay-aralin dahil ito ang naglalayong palalimin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin sa pamamagitan ng indibidwal na pagsasanay sa labas ng klase. Hindi lamang isang gawain sa labas ng klase, kundi isang susing bahagi ng mas malalim na pagkatuto.

5. Magasin: Alamat ng bawat barangay ng Pilar

Ang paglikha ng babasahing bilang awtput ay bunga ng isang kolektibong pagsisikap ng mananaliksik upang mapreserba ang mga natatanging kuwento ng bawat barangay sa Pilar, Sorsogon. Ang mga akdang pampanitikan na ito ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mamayan sa kanilang sariling kultura. Sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsusuri, at pagpapahalaga sa lokal na literatura, nagiging mas malinaw ang kanilang kaalaman sa mga pinagbatayang kuwento at kasaysayan ng kanilang bayan, na nagbubunga ng mas matibay na pagkakakilanlan at pagmamahal sa kanilang pinagmulan.

Ang mga isinalin at nalikom na mga akda ay nagsisilbing mahalagang kayamanan sa pagtuturo ng panitikan. Sa pamamagitan ng mga akdang ito, nagiging mas makabuluhan at makatotohanan ang pag-aaral ng panitikan, sapagkat ang mga lunsaran ay hindi lamang mga salita sa pahina, kundi mga buhay na salaysay ng mga karanasan at pagpapahalaga ng iba't ibang komunidad. Ang mga nilalaman ng babasahing ito ay madaling ma-akses sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code na nakalimbag sa mismong pabalat. Sa pamamagitan ng teknolohiyang ito, ang mga mambabasa ay agad na makakapasok sa digital na bersyon ng mga kuwento, na nagbibigay ng mas interaktibo at modernong karanasan sa pagbabasa, ang mga kuwentong ito ay nagtataglay ng tunay na kahulugan at katotohanan dahil ang bawat barangay sa Pilar, Sorsogon ay may kanya-kanyang natatanging kasaysayan at karanasan. Ang paglalahad ng mga lokal na kuwento na nagmula sa bawat barangay ay nagbibigay ng mas malalim na konteksto sa pag-aaral ng wikang Filipino.

Pangakalahatang Layunin:

Ang nilikhang babasahin ay magsisilbing karagdagang dokumento upang maunawaan at mapahalagahan ang mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay sa Pilar, Sorsogon. Magagamit ito bilang kagamitan sa pagtuturo upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga lokal na kasaysayan mula sa iba't ibang barangay ng bayan.

Tiyak na Layunin:

- Mabigyang diin ang halaga ng mga kuwentong pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay sa Pilar.
- Mahihinuha mula rito ang mga tema at kulturang umiiral sa likod ng pinagmulang pangalan ng bawat barangay sa Pilar, Sorsogon.
- Magbigay-kaalaman tungkol sa mayamang kasaysayan at likas na kagandahan na taglay ng bawat barangay sa Pilar, sa pamamagitan ng ginawang banghay aralin at pagpapakita ng kanilang mga makasaysayang lugar at tanawin.
- Maipapaliwanag ang integrasyon ng mga nakalap at nasuring kuwento sa paggawa ng banghay aralin.
- Matukoy ang maiaambag na maaaring ibigay ng mga kuwento ng bawat barangay sa Pilar.

6. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon dahil sa mayamang kasaysayan at kultura ng mga barangay sa bayan ng Pilar ay nagpapakita ng kanilang pagkakaiba-iba, na hinubog ng iba't ibang salik tulad ng impluwensya sa panahon ng Kastila, pangalan sa pag-alala ng tao, bagay, hayop, hanapbuhay, lokasyon, kalikasan, at mga lokal na tradisyon na ipinadiriwang bilang pagpupugay sa kanilang patron. Malaki ang nagging ambag ng mga nakalap na kuwento sa pagbuo ng banghay-aralin. Naging malaking papel ang ginampanan ng mga kuwento sa bawat barangay ng Pilar sa paghubog ng Panitikang Pilareño dahil sa nabuong babasahin.

Inirerekomenda na ang lokal na pamahalaan ay magbigay ng suporta at magpapalakas sa mga manunulat sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo at pagsasagawa ng mga programang pangkultura. Sa ganitong paraan, mas lubusang makikilala ang bawat barangay, at ang komunidad ay magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa panitikang umiiral sa kanilang lugar. Ang inisyatibong ito ay hindi lamang magpapalawak at magpapalago sa panitikan ng bayan ng Pilar kundi magdaragdag din ng mga babasahin tungkol sa kasaysayan at kultura ng bawat barangay. Ang mga akdang ito ay magsisilbing mahalagang sanggunian upang maipahayag at maipalaganap ang mga kwento ng bawat barangay at maging kapaki-pakinabang na kagamitang pampagtuturo o lunsaran sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan. Bukod dito, susuportahan ng lokal na pamahalaan ang pagpapalathala ng mga babasahin na naglalaman ng kasaysayan at kultura sa bayan ng Pilar upang mapanatili at maipasa sa susunod na henerasyon ang mayamang identidad ng komunidad.

Dagdag pa rito, mahalagang hikayatin ang mga mag-aaral at buong komunidad na pagyamanin ang pagbabasa at pagtangkilik sa sariling panitikan. Sa pamamagitan nito, mamumulat ang kanilang kamalayan sa mahahalagang makasaysayang kuwento na bumuo sa bayan ng Pilar. Ang masusing pananaliksik na sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral ay magbibigay ng matibay na batayan para sa mga susunod na mananaliksik. Layunin ng pag-aaral na ito na makalikha ng isang babasahin na naglalaman ng mga pinagmulang kuwento mula sa mga barangay sa bayan ng Pilar. Sa pamamagitan ng bagong babasahing lokal sa Pilar, Sorsogon, matutulungan ang mga mambabasa na higit na maunawaan at bigyang-pahalaga ang pinagmulan ng bawat barangay.

7. Talasanggunian

- Abangan, V. (2009). Mga sinuring alamat ng dalawampu't limang bayan ng Negros Oriental. Di-Nailathalang Pag-aaral sa Disertasyon. Cebu Normal University, Cebu City, Philippines.
- Aler (2020). Kuwentong-bayan sa ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando. <https://www.researchgate.net/>
- Angeles, Dean Mark, Delim, Jamil, Dolaga, Roe Philip, Ovejera, John Robin, Pacheco, Angelo, Rivera, John Larwin, Robinas, Paul John, Salonga, Stephen Rey, Santillan, Emerson, (2016). A research on superstitious belief [Isang pananaliksik tungkol pinaniniwalaan]. Retrieved from sa pamahiin. <https://prezi.com/o8emprgbxzix/isang-pananaliksik-tungkol-sa-pamahiin-na-pinaniniwalaan/>
- Baer, R. P. (2017, November 17). Kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa edukasyon. PressReader.com - Digital Newspaper & Magazine Subscriptions. Hinango noong Hunyo 26, 2021. <https://www.pressreader.com/>
- Batas Republika 10066 o ang "National Cultural Heritage Act of 2009". <https://ncca.gov.ph/republic-act-no-10066/>
- Cavinta. (2021). Ang Wika ay Isang Mahalagang Aspekto ng Bawat Kultura. <https://www.scribd.com/>
- Cerillo, Julie Ann V. & Mariano, Sharon D. (2024), Silip-Kwento sa Pinagmulan ng mga Barangay sa Bacon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod ng Sorsogon.
- CHED Memorandum Blg.59, s.1996. Pagdalumat Sa Mga Akdang Irosanon: Lunsaran Sa Pagtuturo-Pagkatuto. <https://www.ijnrd.org/papers>
- Cruz (2016). Kabanata I Ang suliranin at kaligiran ng pag-aaral. <https://www.academia.edu/36152653/>
- Dan Yao, Jinhui Deng, Feng Wang, Huiyun Tang (2010). Chinese Literature. Cambridge University Press.
- Data Privacy Act ng 2012: "Pagprotekta sa Personal na Impormasyon sa Pilipinas". <https://www.diskurso.ph/batas-publiko/2025/02/21/>
- Department of Education Central Office (2016). Department order no. 42 s. 2016. "Policy Guidelines on Daily Lesson Preparation fro K + 12 Basic Education Program. Retrieved on October 13, 2021. <https://www.deped.gov.ph/>
- DepEd Order (DO) no. 42, s. 201657, Deped Order No 42 Series of 2016 Policy Guidelines On Lesson Preparation For The K To 12 Basic Education Program. <https://www.scribd.com/document>
- Diaz, Dexie D. & Marbella, Felisa D. (2024). Balik Tanaw sa Pinagbatayang Kuwento ng mga Barangay sa Juban, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon
- Du, N. (2014). Understanding the ancient non-material cultures of B'laan of Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato

- from their folktale [Pagdalumat sa mga sinaunag di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang kwentong bayan]. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(6), 158-163.
- Eugenio, D. (2007). *Philippines folk literature. The legends*. Quezon City: UP Press, p.140.
- Eugenio, Damiana (2007). *Philippine Folk Literature: An Anthology*, 2nd, Quezon City: University of the Philippines Press, 498. ISBN 978-971-542-536-0.
- Espinocilla J & Marbella F. (2022) Sipat sa Kuwento ng mga Barangay sa Bayan ng Gubat.
- Enriquez, V. G. (2007). Kapwa: A core concept in Filipino socialpsychology. In A. Navarro & F. Bolante (Eds.), *Mga babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, pilipinohiya, at pantayong pananaw*. Manila: C & E Publishing
- Fernandez, L., Gonzales, L., Velasquez, M. J., & Marin, L. C. (1976). *Ako sa Nagbabagong Daigdig ng Komunikasyon at Lipunan*. Bookman, Inc.
- Fortes, Emily Fullon. E (2018), *Makasaysayang Kuwento ng Bawat Bayan ng Sorsogon: Ambag sa Panitikan*. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- Forteo, Christine F. & Marbella, Felisa D. (2022), *Mga Kuwento t Kultura ng mga Barangay sa Barcelona, Sorsogon*. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod ng Sorsogon.
- Gajo, Marinhel M. (2018). *Pinagmulang Kuwento ng Bawat Barangay sa Irosin, Sorsogon*. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- Gambosa at Francisco (2018) *Malikhaing Kalap ng mga Alamat para sa Yamang Pampanitikan ng Pamplona*. Di-Nailathalang Disertasyon, University of Nueva Caceres, Lungsod ng Naga
- Gilbas, S. A. (2018). Structural and motifemic analysis of legends. *Green Publishing House. Journal of International Academic Research for Multidisciplinary (JIARM)* Vol, 6(1), 56-64.
- Garcia, M. (2016). *Ang Relasyon ng Wika at Kultura*. www.scrib.com
- Habiburrahim, H. (2019). A review of the department of English language education curriculum development. *Englisia: journal of language, education, and humanities*, 6(1), 1-14.
- Hausner, I. (2017, October). Toponyms and Cultural Heritage: A peaceful partnership o forced alliance? In *The Society for East Sea ed., Achieving Peace and Justice Through Geographical Naming, Proceedings, 23rd International Seminar on Sea Names* (pp. 22-25). History and Cultural.
- Honradez, E. (2016). Linking environment and type of occupation [Pag-uugnay ng kapaligiran at uri ng hanapbuhay]. Retrieved from <https://www.slideshare.net/edithahonradez/yunit-2->
- Justin, L. (2014). The importance of legend in the Philippines (Kahalagahan ng Alamat sa Pilipinas). Retrieved from <http://www.suriblogspot.com/2014/07/kahalagahan>
- Lasala, April Anne D. (2018), *Mga Pamana sa Kultura ng Sorsogon*. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- Lopera, Aryan B. (2018), *Alamat ng mga Bayan ng Sorsogon: Karagdagang Teksto sa Pagtuturo ng Panitikan*. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- Lopez, L. M. (2019). Pagpapalaganap sa edukasyong pangkalikasan sa mga kursong edukasyong Filipino. *Bicol University R & D Journal*, 22(2).
- Manforte, (2015) at Ilagan (2020). "Mga Salaysaying- Bayan Sa Partido: Sulyap sa Pagkakakilanlan" *Di-Nalathalang Master's Tesis ng Pamantasan Ng Nueva Caceres, Lungsod Naga*.
- Marino, M. P., & Crocco, M. S. (2020). The pre-service practicum experience and inquiry-oriented pedagogy: Evidence from student teachers' lesson planning. *The Journal of Social Studies Research*, 44(1), 151-167.
- Mooney (2011). *DepEd Learning Resources Management System*. <https://www.academia.edu/44906833/AngLipunan>
- McCombes, S. (2022). *Descriptive Research Design | Definition, Methods & Examples*. Scribbr. <https://www.scribbr.co.uk/research-methods/descriptive->
- Nida, T. (2019). A lesson plan model for character education in primary education. *Educational Research and Reviews*, 14(4), 130-139. Retrieved from <https://academicjournals.org/journal/ERR/article-full-text-pdf/599068D60164>

- Ojukwu, E. V. (2021). Adequate Lesson Plan: A Prerequisite for Effective Teaching and Learning of Music. *Awka Journal of Research in Music and Arts (AJRMA)*, 9, 159-173. Retrieved from. <https://www.nigerianjournalonline.com/index.php/ajrma/article/view/1897>
- Panganiban, J. V., & Casanova, A. P. (2005). The Philippine literatures [Mga panitikan sa Pilipinas]. Retrieved from <http://worldcat.org.ph/>
- Panopio, Cordero at Raymundo (1994). General sociology focus on the Philippines. <https://tuklas.up.edu.ph/Author/Home?author=%22Panopio%2C+Isabel+S%22&t>
- Pineda at Ongoco (1972). 2 Kahulugan-Ng-Panitikan (SOSLIT). <https://www.scribd.com/presentation/711761993/>
- Pineda (2006). Mga Akdang Pampanitikan sa Bayan ng Juban. <https://ijnrd.org/papers/>
- Pineda, 2024. Academia Lasalliana Journal of Education and Humanities 2(2) Halagap sa Toponomtidad: Dalumat sa Pagpapangalan ng Lugar sa Calatagan, Batangas. https://www.researchgate.net/publication/353616326_Academia
- Peña, (2015). Introduction to the poems of the copra in the Bondoc Peninsula towards the investigation of the social ego [Panimulang dalumat sa mga tula ng mga magkokopra sa Bondoc Peninsula tungo sa pagsiyasat sa panlipunang kaakuhan]. *Bisig Journal: Manggagawa at Paggawa sa Panahon ng Neoliberalismo*, 2.
- Ramos, Rizaldy R. (2004), Mga Piling Akdang Magalenyo: Bilang Karagdagang Kagamitang Pampagtuturo sa Literaturang Filipino. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- Resuma, V. M. (2007). Pagsusulit sa pagkuha ng lisensya para sa mga guro (LET), Reviewer sa Filipino. C & E Publishing, Inc.
- Rubio, Christian M. (2017-2018), Mga Akdang Pampanitikan sa Bayan ng Donsol, Sorsogon: Isang Pagsusuri. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- Romilia (2009)54 Kaugnyang Literatura. <https://www.scribd.com/>
- Salazar (1995). Fil 103 Kahulugan, Anyo at Uri NG Panitikan. Kahulugan ng Panitikan. <https://www.scribd.com/document/473483342/>
- Sauco, Consalascion P. (1997). Panitikang Filipino: Pandalubhasa, Katha Publication, Quezon City,
- Sofiyah, Lilis (2021) An Analysis of the Lesson Plan on Teaching Reading Comprehension at SMPN 03 Maja. Diploma atau S1 thesis, UIN SMH BANTEN. Retrieved from <http://repository.uinbanten.ac.id/7568/3/CHAPTER%20I>
- Sudhakar, (2017). Mga Hamong Kinakaharap Sa Pagsulat Ng Banghay Aralin Ng Mga Mag-Aaral. <https://www.theajhssr.com/>
- Starrs, 2002. Japanese Literature as a Modern Invantion. *New Zealand Journal of Asian Studies* 4, 1, 194-200.
- Shodiq, S. F., Budimansyah, D., Suresman, E., & Hidayat, M. (2021). Character- based Lesson Plan in Constructing Tolerance for Student. *International Journal of Early Childhood Special Education*, 13(2).
- Villaroya, Rowena R. (2017-2018), Mga Akdang Pampanitikan: Impak sa Pamayanan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- White (1949). Oral history method. Retrieved from Academy of Sciences of the Czech Republic, Institute of Contemporary History Website. Retrieved. <https://www.google.com/search?q=White+%281949%29.+Oral+history+method.>

